

  
*One*

## SI EBA BILANG ISANG ANAK

*April's POV*

Noong isang araw ay kinausap ako ni Aling Ofelia, nakikiusap kung puede daw ba siyang makautang ng gatas para sa apo niya, di pa kasi sumasahod si Paeng, ang tatay ng bata. Mahirap tanggihan si Aling Ofelia o Aling Piling kung tawagin namin, wala pa kasi akong nakitang ina na kasing-matiisin at mapagbigay niya. At saka hindi naman siya nagwawalanghiya ng kapwa. Magkaibigan pa sila ng nanay, pero sobra silang magkaiba. Ang nanay ko kasi iba, iba siya... kasi wala siya.

Si Nanay ay nasa Qatar, isa siyang manikurista doon. Limang taon pa lang yata ako nang umalis siya para makipagsapalaran. Best friend niya si Aling Piling. Ang pangarap kasi ng nanay ko ay maiahon kami sa kahirapan, maibigay ang mga pangangailangan namin. Pero noong nakaipon naman ang tatay ko ay di rin huminto si Inay sa pag-alis papuntang abroad. Lima

kaming magkakapatid, 'yung unang tatlo ay may mga asawa na, pang-apat ako, pagkatapos ay ang bunso. Isa akong tambay at si bunso ay grade five pa lang.

Maraming nagsasabi na di daw namin pinahalagahan ang pinaghirapan ng nanay ko, nagsipag-asawa daw kasi sina Ate nang maaga, maaga daw nagsipaglandi at hindi tuloy nakatapos sa pag-aaral. Ako naman nakapagtapos nga ng kolehiyo, pero hindi naman daw nagtratabaho. Ano nga ba ang ikakatwiran mo sa ganoon na parang wala kang utang na loob kung maghahanap ka pa ng ina, samantalang lahat ng pera na kailangan mo ay ibinibigay niya at tiniis daw niyang malayo sa amin.

Kasalanan ito ni Vilma Santos, eh. Sa pelikulang *Anak*, lumalabas na naging rebelde ang anak ni Vilma na isang OFW. At si Vilma, dahil dumanas siya ng hirap sa abroad, martir siyang ina, nagtitiis na malayo sa mga anak. At ang mga anak niya ay naging masasamang anak kasi nagrebelde. At lahat na yata ng ina na naghahanapbuhay sa abroad, feeling nila ay sila si Vilma Santos, ang ulirang ina at bayaning DH.

Kaya ako, kahit anong sama ng loob ko sa pag-alis ng Inay, ako ang lalabas na masama kasi di ko nauunawaan ang paghihirap niya.



Ang sa akin lang naman, ano pa ba ang kailangan? Nakabili na sila ng jeep pamasada, at kumikita na rin si Tatay, may videoke at tindahan, at high school na kami. Scholars nga sina Ate kaya walang masyadong binabayaran sa school, kaya lang nabuntis. Hayun, umiyak ang Nanay, sumama ang loob sa lahat; chain of events—pagkakamali ng panganay, lahat ay nadamay.

At ako, nakatapos nga pero di ako makahanap ng trabaho. Ako kasi ang nag-aalaga sa bunso namin at nagbabantay sa tindahan. Tuwing tatawag sa telepono si Nanay, tinatanong niya kung bakit daw hindi ako maghanap ng trabaho. Gusto ko na sagutin, ‘Umuwi kayo at maging ina sa amin at ako naman ang maghahanapbuhay, ako naman ang maghahanap ng experience, ako naman ang mag-a-abroad. Matagal na kayong pinahihinto, di ba? Pero ano’ng sagot n’yo, kulang pa, hanggang saan ba ang sasapat?’ Ngunit hindi ko maisatinig ang katwiran na iyon, kasi lalabas lang akong walang utang na loob at lapastangan. Kaya hindi na lang ako kumikibo.

Hindi martir ang nanay ko, may sakit siyang sugal. Nabuking namin siya nang umuwi ang kasamahan niya, nagpunta sa bahay at naniningil. Malakas pala kumita ang nanay ko sa Qatar, pero malakas ding magsugal.

Ang perang ipinapadala niya sa amin ay porsiento lang ng kinikita niya. Naadik kasi siya sa sugal, kaya ay nauubos ang pera niya. Madalas nga daw ay ang nanay ko pa ang nagyayaya sa kapwa niya Pilipino. Sakit na niya iyan kahit noong nandito pa siya, kaya nga kahit anong sipag ni Tatay ay walang nangyayari. Ayaw bumalik ni Nanay dahil buhay dalaga na siya doon.

Hay! Ang hirap. Sabi hindi ko daw maiintindihan ang aking magulang hangga't hindi ako nagiging magulang. Ang tanong ko lang naman, naging anak din ang nanay ko, bakit hindi niya maintindihan na kailangan ko at ng mga kapatid ko ng isang ina. Hindi ba siya naghanap noong bata siya? Kaya ako, naiinggit talaga ako sa mga anak ni Aling Piling. Kahit mahirap sila, hinahatid niya sila sa eskuwela, pinupunasan ang likod kapag pawisan, inaasikaso bago pumasok. Madalas iniisip ko na sana si Aling Piling na lang ang nanay ko.

Tinanong ko si Aling Piling dati kung bakit di siya sumama kay Nanay sa abroad, gayong pareho lang naman sila ng trabaho.

Sabi niya, *“Alam mo, April, kasi naulila ako nang maaga, wala na akong mga magulang. Kaya naman ang pinangarap ko, na kapag ako’y nagkaanak, sasamahan ko sila*



lagi, maglalaro kami lagi. Alam kong dadanas kami ng hirap, pero kung tutulungan ko sila at babantayan, lalaki silang mabubuting tao. Mas kailangan nila ako kesa sa pera. Ang pera, kaya namin pagtulungang hanapin, pero ang pera ay hindi puedeng ipambili ng anak o kaya ng magulang.”

“Hay, Ninang, gan’un sana!” sabi ko.

Natawa si Aling Piling. “April, huwag mong husgahan ang nanay mo. Ginawa niyang mag-abroad para makatiyak na lahat kayo ay makapag-aral nang mabuti.”

“Gan’un po ba naman ang nangyari? Alam ko kahit papaano sisihihin nila sina Ate, pero naiintindihan ko ang mga kapatid ko. Kahit ako ay mas gusto ko nang maglakwatsa dati, kasi wala naman din naghihintay sa bahay. Si Tatay, basta iba siya. Iba kapag nanay ang naghihintay sa bahay. Kaya lang naman ako umayos na kasi natakot ako na mangyari sa akin ang nangyari kina Ate, ayoko naman na magbuntis agad at malosyang nang gan’un-gan’un lang,” paliwanag ko. “At saka puede naman na huminto, eh; meron na kaming bahay at kabuhayan. Hindi lahat ng ina na nag-a-abroad ay tulad ni Vilma Santos na nagtitiis sa hirap. ‘Yung iba ayaw lang talagang mag-alaga ng anak; anak-anak pero ayaw naman palang alagaan,” dagdag ko pa.

Napailing na lang si Aling Piling, wala na siguro siyang maikatwiran sa akin. Alam ko na alam niyang tama ako.

---

*Ayaw na lang talaga ni Nanay na huminto sa pag-a-abroad kasi nagbuhay dalaga na siya doon. Hirap magpalaki ng magulang.*

Ipinagpapasalamat ko na lang si Aling Piling sapagkat lagi siyang nakikinig sa sama ng loob ko. Kung may isang tao na alam lahat tungkol sa amin, siya na siguro iyon. Hindi ko siya ninang, pero inangkin ko na siya na ninang at inangkin naman niya ako na inaanak.

Kapag naoospital ang sinuman sa amin, siya ang papupuntahin ng tatay ko para magbantay, kahit may anak din siyang inaalagaan. Noong una nga kaming datnan ng buwanang dalaw, lahat kami ay sa kanya tumakbo para magtanong. Buti na lang nandiyan siya.